

Welcome sa SF City Option



SF CityOption
THE EMPLOYER'S HEALTH CARE CHOICE

Ang SF City Option ay isang programa na maaaring gamitin ng mga Employer upang magbigay ng benepisyong pangkalusugan sa kanilang mga Empleyadong nagtatrabaho sa San Francisco. Maaari kayong bigyan ng inyong kumpanya ng benepisyong pangkalusugan sa pamamagitan lang ng SF City Option o kasama ng iba pang benepisyong pangkalusugan tulad ng insurance sa kalusugan.

Paano gumagana ang SF City Option?

1



Inyong Employer

Ang inyong employer ay **magbabayad** sa SF City Option sa inyong ngalan at magbibigay sa mga kwalipikadong empleyado ng Abiso ng Kumpirmasyon ng **Pagbabayad sa Pangangalagang Pangkalusugan**

2



SF City Option

Nagpapadala ng **SFCO Welcome Letter** at isang **SF MRA Enrollment Form** sa mga bagong kwalipikadong empleyado pagkatapos magbayad ng employer (1-3 linggo) sa ngalan ng empleyado

3



Empleyado

Sundin ang mga tagubilin sa liham **kung paano magpatala** sa SF MRA. Kapag nakapagpatala na kayo sa programa, maaari kayong makatanggap ng reimbursement para sa mga kwalipikadong gastusin.

Available ang mga resource at suporta sa customer ng SF City Option sa English, Spanish, Chinese, at Tagalog. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagsasalin ng dokumentong ito sa ibang wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Customer.

Ano ang SF MRA?

Ang San Francisco Medical Reimbursement Account (SF MRA) ay narito upang tulungan kayong makamit at mapanatili ang inyong pinakamabuting kalusugan. Maaari ninyong gamitin ang pera sa inyong SF MRA upang makakuha ng reimbursement para sa mga kwalipikadong gastusin sa kalusugan at wellness. Maaari din ninyong gamitin ang account na ito para sa mga gastusin ng inyong asawa, domestic partner, o sinumang dependent.



Makakuha ng Reimbursement para sa Iba't Ibang Gastusin

Ang SF MRA ay nagbibigay ng reimbursement para sa mga serbisyo at produktong pangkalusugan kabilang ang mga premium sa insurance, pagpapatingin sa doktor, dietary supplement, pangkalahatang gastusin sa kalusugan, at mga gastusin sa paningin at ngipin.

Para sa kumpletong listahan ng mga kwalipikadong gastusin, bisitahin ang sfmra.org/eligibleexpenses.



SFMRA
YOUR ACCOUNT FOR HEALTH COSTS

351001 0522

Bisitahin ang **sfmra.org** para sa higit pang impormasyon o tumawag sa Serbisyo sa Customer sa **1(877) 772-0415**.